1982

KAUTUSAN BLG. 5

SAPAGKAT, mayroon nang nangyayari sa nasasakupan ng Bayang ito, ang nakawan, pambabato ng bahay, pagtatapon ng apoy sa bubungan ng bahay ay pagiingay ng mga tao kung di oras ng gabi.

SAPAGKAT, dahil dito marami ng mga tao ang nagririklamo tungkol sa mga pangyayariang nagarap;

SAPAGKAT, dahil dito ang Sangguniang Bayan ng Bulalacao ay nag o Order na;

SEKSYON I. Mahigpit na ipinagbabawal sa sino mang tao o mga tao, bata at matanda na magpagala-gala sa lansangan, parki, plaza, sa Pamilihan Pambayan at iba pa, pagsapit ng ika 10.00 ng gabi, hanggang alas 4;00 ng umaga;

SEKSYON 2. Kung ang tao o mga tao ay mahigpit ang pangangailangan pagsapit ang ika sampo (10) ng gabi katulad halimbawa ng pagtawag ng manggagamot, hilot at iba pang mahigpit na pangangailangan na hindimaiwan, sila ay magdadala ng ilaw para sila makilala;

SEKSYON 3. Ang kampana ay tutugin ng alin amng authorizedad, PC INP. Barangay Tanod at iba pa bilang hidyat ng pag sapit ng ika 10 ng gabi;

SEKSYON 4. Ang sino mang taong maglabag ng kautusang ito ay MAGMUMULTA ng ₱ 50.00 hanggang ₱ 200.00 at mamimilanggo ng 10 araw hanggang 30 araw o' alin man sa pasiya ng Hukuman.

SEKSYON 5. Kautusan o mga kautusang salunggat sa kautusang ito ay pinawawalan ng bisa;

SEKSYON 6. AngKautusang ito ay magkakaroon ng bisa matapos ipinagtibay ng lahat;

PINAGTIBAY NG LAHAT

Pinatutuhanan ko ang nabanggit na kautusan sa itaas.

EDUARDO A. BERUANGA
Kalihim ng Bayan

/El's /10/18/91